

Sharon Anne Briones Pangilinan

*Ang Pagdaloy sa Kasaysayan
at Kasaysayan ng Pagdaloy
ng Panitikang Lesbiana
ng Pilipinas*



Lesbians are everywhere, lesbians are nowhere.

— A. Jagose

*Detecting testimony of other lesbian existence is an occupational
habit of lesbians*

— N. Hallett

Laging idinadaing sa mga pag-aaral hinggil sa lesbiyana (partikular sa kanluran na umaalingawngaw hanggang sa Pilipinas) ang penomeno ng “lesbiyana imbisibilidad.” Ngunit nagiging “invisible” lang naman ang mga lesbiyana sa mga sadyang ayaw tumingin at makakita, sa mga nag-aalinlangang mapasubalian ang kinagisnang paniniwala, sa mga takot mayanig ang *status quo*. Laganap ang ganitong taktika ng pagwawaksi sa mga lipunang heteropatriyarkal na gaya ng Pilipinas sapagkat nagsisilbing banta ang mga lesbiyana sa mga dogmatiko at mapaniil na kalakaran nito. Kaya’t saanmang larangan, mapapolitika, ekonomiya, at kultura ay pilit na pinapaglaho ang mga babaeng lumilihis sa dalawahang sistema ng kasarian. Ngunit gaano man kasigasig ang pagsusumikap ng hegemonya ng heteropatriyarkang supilin ang mga lesbiyana, patuloy itong humahagilap ng iba pang makapangyarihang larangan kung saan maigigiit ang pag-iral—isa na rito ang panitikan.

ANG MARHINALISASYON NG MGA LESBIYANA SA KASAYSAYAN

Kalagitnaan ng 1994 nang magdaos ng kauna-unahang Gay Pride March sa Pilipinas. Gay Pride March pa at hindi *LGBT* (Lesbians, Gays, Bisexual, Transgendered) Pride March ang mas kilalang tawag noon sa pagparada ng mga bakla, lesbiyana at transgendered. Ito’y bilang pagdiriwang ng kanilang seksuwalidad at oryentasyong pangkasarian, at paggigiit ng pantay na karapatan para sa hanay ng mga homoseksuwal. Bagaman kasama sa naturang martsa ang mga lesbiyana, nakapokus pa rin sa gay/bakla/lalaking homoseksuwal ang atensiyon ng naturang okasyon. Kundi man sadyang napagkasunduan, ipinagpalagay na lamang marahil noon ng hanay ng mga organisador ng Pride March na kapag sinabing gay, nakasakay na rito ang mga lesbiyana, bakla, biseksuwal, at transgendered. Hindi man intensiyonal, lumalabas pa rin na tila suporta lang sa mga bakla ang mga lesbiyanang nakikibaka para sa pantay na karapatan. Tila may nagaganap na “unpremeditated” na herarkiya at marhinalisasyon kundi man tuluyang pinapaglaho ang mga lesbiyana. Sa saliksik na “The Lesbians as One of the Guys: Media Coverage of Gay Pride Marches”¹ ni Lorna Israel, kinuwestiyon kung bakit panay mga bakla lamang ang iniinterbyu pagdating sa mga media coverage ng Pride March. Dahil sa prosesong ito, tanging mga usaping bakla lamang ang nabibigyang-tinig samantalang nabubura naman sa eksena ang mga nakikibakang lesbiyana kasabay ng mga isyung kinasasangkutan nila. Ayon kay Israel:

There is a popular assumption that the Gay Pride March encompasses all homosexuals and their ever-expanding appellations: gays, lesbians, bisexuals, transgenders, intersexuals, and queers. But it has already been noted that people tend to associate gays with men. Usage of the phrase “gays and lesbians,” which the media deploys blindly, has created a situation where

lesbians are erased by not mentioning them at all. Media assumes that when gay issues are covered, lesbian issues have been accordingly brought in.²

Hindi na bago ang balitang kayang maniobrahin ng media ang mga balita sang-ayon sa interes nito. Subalit sa kasong ito, hindi direktang masisisi ang media sa gayong gawi at “pagtingin” kaugnay ng coverage ng Pride March sapagkat mismong ang mga organisador ng naturang martsa ang siyang kasangkot sa paghahanda para sa okasyon—kasama na roon ang pagtatakda ng pamagat ng aktibidad. Ang masaklaw nilang pagkakategorya sa iba’t ibang oryentasyong homoseksuwal gaya ng bakla at tomboy sa ilalim ng terminong “gay” ay nagpapawalang-saysay lamang sa layunin ng Pride March na ipagbunyi at itampok ang samot-saring oryentasyong pangkasarian. Ang gayong paglalahat ay lalong nag-uudyok sa mga tagamasid na tingnan lamang ang kung ano ang kanilang nasasaksihan sa panlabas, partikular na sa kung kanino o saan mistulang nakasentro ang kaganapan. Diin pa ni Israel, “Visually and spectacularly transgressive, images and ideas displayed during the Gay Pride March are also indicative of the contradictions, exclusions, and marginalisation apparent within and outside the lesbian, gay, bisexual, and transgender (LGBT) movement.”³

Maging ang nalathalang artikulo ng organisador ng Progressive Organization of Gays in the Philippines (ProGay) na si Oskar Atadero kaugnay ng pinangunahan nilang Gay Pride March noong 1994 ay di rin nakatakas sa bitag ng paglalahat. Makikita ito sa pamagat ng kaniyang artikulo: ‘*Philippine Gays go mainstream*’ (aking diin), na sinundan pa ng unang pangungusap na, “Stonewall is not exactly a household word among us, but for gays and lesbians worldwide, *including Filipino gay activists*, it is the gay equivalent to a sacred war memorial, like Corregidor ... (aking diin).”⁴ Nabanggit ang salitang lesbiyana sa konteksto ng mundo ngunit hindi sa konteksto ng lipunang Filipino. Nilamon muli ng terminong “gay” ang lesbiyana. Gayundin, higit pang nakasentro ang naturang sulatin sa kalagayan ng mga Filipinong bakla sa bansa. Sa ikalawang bahagi na lamang ng lathalain idinugtong ang pagpaksa sa mga Filipinang lesbiyana. Sa madaling sabi, tila nagkaroon ng “order of priority” sa pagtalakay ng mga isyung homoseksuwal. Muli, lumilitaw sa naturang artikulo ang politika ng pagsasantabi/pagsasawalang-bahala sa mga lesbiyana.⁵

Tinalakay rin ni Israel sa kaniyang saliksik na isa sa mga dahilan ng kapansin-pansing pagpokus ng media sa mga bakla ay ang pagtingin na mas magiging mabenta ito sa publiko sapagkat naikahon na ng lipunang Filipino ang mga lalaking homoseksuwal sa estereotipo ng pagiging baklang parlor, imahen ng katatawanan, maingay, o sa madaling sabi’y tampulan ng pagkakaaliwan. Kaya’t sa halip na iulat ng media ang usapin ng pakikibaka ng mga homoseksuwal laban sa nararanasang diskriminasyon bunga ng kanilang oryentasyong pangkasarian, higit na pinagtutuunan ng pagbabalita nito ang kanilang mga bonggang kasuotan at literal

na pag-iingay dahil iyon ang pupukaw sa atensiyon ng masang sumasaksi. Giit muli ni Israel:

Gays and lesbians have become a lucrative advertising market, which translates into increased coverage of their issues. This, however, does not automatically include lesbians because “only those with disposable income are likely to be covered, and they are more likely to be gay men.”⁶

Kung gaano kapalaskang ang publisidad sa mga bakla ay gayon na lamang kasalat ang sa mga lesbiyana. Nagkaroon man minsan ng ulat ang media tungkol sa mga lesbiyana, ang mga iyo’y pawang naglagay lalo sa kanila sa negatibong estado. Halimbawa na rito ang pagsasapelikula ng buhay ng lesbiyana na si Celestina “Bubbles” Sanchez na nakulong dahil sa umano’y pagpatay sa kaniyang karelasyon bunga ng matinding selos. Dito’y malinaw ang paglalarawan sa lesbiyana bilang selosang mamamatay-tao.⁷

Noon namang kasagsagan ng balita tungkol sa paglantad at paghingi ng tulong sa media at grupong pangkababaihan ng dating aktres na si Maria Theresa Carlson upang isiwalat ang pambubugbog sa kaniya ng asawang politiko na si Rodolfo Fariñas, kinasangkapan ng politiko ang media upang ilihis ang isyu sa pamamagitan ng pagbabato ng mga kontra-lesbiyanang tirada kay Anna Leah Sarabia. Si Sarabia ang noo’y tagapamuno ng KALAKASAN—ang organisasyong pangkababaihan na sumagip sa nanganganib na si Carlson. Siya rin ang tagapagtatag ng samahang lesbiyanang Can’t Live in the Closet (CLIC). Kinasangkapan ni Fariñas ang pagiging lesbiyana ni Sarabia upang isalba ang kaniyang imahen bilang makapangyarihang politiko.

Bugbog-sarado na nga ang asawang si Carlson, bugbog-sarado rin maging ang imahen ng lesbiyanang si Sarabia, kasama ng iba pang kapuwa babaeng sumagip sa dating aktres. Hindi nagwakas sa pagkamatay ni Carlson ang panggugulpi ni Fariñas sa mga lesbiyana. Patuloy ang pambabato niya ng mararahas na salita na tila gusto ring lipulin hindi lamang ang pagkataong lesbiyana kundi ang buong hanay ng kababaihang nakikibaka laban sa karahasan at mapaniil na sistema ng patriyarka.⁸

Sa parehong halimbawa ng depiksiyon ng media sa mga lesbiyana, malinaw na ginagawang katatakutan at oportunista ang imahen ng mga ito. Kung tutuusi’y pareho namang negatibo ang pag-iimahen sa bakla at lesbiyana sa media. Ngunit hindi ito kasinsaklap ng pilit na pagpuksa sa lesbiyana mula media tungong makasaysayang okasyong gaya ng Pride March na isa sa mga panandang-bato na nagtataguyod ng pantay na karapatan para sa mga homoseksuwal. Samakatwid, kung hindi iwinawaglit ang lesbiyana sa lipunan, ang negatibong pag-iimahen naman dito’y isa pa ring estratehiya upang tuluyan siyang papaglahuin sa kasaysayan. Patunay pa ni Israel:

In Manila in 2004, the tenth anniversary of the LGBT pride in the Philippines was celebrated as part of the Gay Pride March. A local newspaper covered this event, which was participated in by those who call themselves LGBT. The *Manila Times* (December 12, 2004), however, decided to print an interview of a male gay ... The *Philippine Daily Inquirer* (July 2, 2003) featured a male gay and some names of gays. Moreover, it described the marching crowd as thus: “gays and straight mixed and matched on the street ... *There was no mention at all of the lesbians or their more popular designations like tomboy or t-bird.* (aking diin)⁹

Isa lamang ang media sa mga larangang matinding nanghahamak kundi man tuluyang nagsasantabi sa mga lesbiyana. Sa ginawang pag-aaral ng organisasyong LESBOND (Lesbians for National Democracy), pinatunayan na sadyang marhinado ang mga lesbiyana sa mas malawak pang aspekto ng lipunan gaya ng politika, ekonomiya, at kultura.

Sa aspektong pampolitika, hanggang sa kasalukuya’y nakabinbin pa sa kongreso ang House Bill No. 634, ang panukalang-batas na kumikilala sa pantay na karapatan at nagbibigay-proteksiyon sa mga mamamayan laban sa diskriminasyon batay sa oryentasyong seksuwal at pangkasarian.¹⁰ Ayon sa LESBOND, patuloy na nakararanas ng banta, pagmamalupit, at karahasan ang mga homoseksuwal, kabilang ang mga lesbiyana, partikular na mula sa mga pulis at iba pang tagapagpatupad ng batas.¹¹ Samakatwid, nananatili pang pangarap ang aktuwal na pagkilala at pagsasapraktika ng mga batas na ito.

Sa usaping pang-ekonomiya, maraming lesbiyana ang kabilang sa malaking populasyon ng mga walang trabaho. Bukod sa talagang walang maibigay na trabaho ang pamahalaan, umiiral din kahit sa antas ng empleo ang dalawahang sistema ng seks at kasarian. Mayroong mga trabahong panlalaki at pambabae lamang. Kaya’t hirap makapaghanap ng trabaho ang mga lesbiyanang nagkikilos o nagdadamit-lalaki dahil sa gayong mapaniil na kategorya. Kung makahanap man ng trabaho, inilalagak sila sa mga trabahong panlalaki (hal. konduktor, kargador, at iba pa). Hindi isyu ang paggampan ng mga lesbiyana sa trabahong panlalaki sapagkat binabaklas nga nito ang heteroseksistang pagkakategorya. Papasok lamang ang suliranin kung dumaranas ang mga lesbiyana ng diskriminasyon batay sa kanilang itsura (sapagkat ang karaniwang pumapasok at tinatanggap sa mga trabahong panlalaki ay iyong mga lesbiyanang tinaguriang “butch” o nag-aasta/nagdadamit-lalaki) at oryentasyong pangkasarian na nagbubunga sa hindi nila pagtanggap ng pantay na benepisyong ibinibigay sa mga lalaki. Mayroon mang nagbibigay ng trabaho sa mga lesbiyana, ganito naman ayon sa LESBOND ang turing sa kanila: “In factories, we are perceived to be ‘efficient and effective,’ because we bring in more profits to the employers’ coffers as we rarely demand for maternity, paternity, and

daycare benefits, and have ‘no legitimate’ spouses and children to look after.”¹² Sa kaso ng mga lesbiyanang tinaguriang “femme” o iyong mga may itsura at gawi pa rin ng “tradisyonal” na babae, matindi rin ang panganib ng diskriminasyon para sa kanila kapag nalaman sa trabaho ang kanilang oryentasyong pangkasarian kaya’t marami ang nanatiling nagkukubli at itinatangi ang kanilang pagkalesbiyana. Pahayag nga ng isang ininterbyung lesbiyana sa artikulong, “Religious, economic biases haunt Pinoy gay community,” tungkol sa pagkukubli niya ng kanyang oryentasyong pangkasarian, “I’m not going to sacrifice my life for some cause. Will the cause feed my family?”¹³ Samantala, ayon naman sa artikulo ni Angie Umbac, kasapi ng Lesbian Advocates Philippines (LeAP!):

“In the workplace, issues of lesbianism are not openly discussed. For some lesbians, access to employment may be denied by employers who express a preference for “females,” and who fail to recognize that lesbians, too, are females. In addition, general company policies of “immorality,” or even the dress code—which addresses the wearing of slacks and shirts and having short hair—are selectively used to keep lesbians in check when already in employment. Though cross-dressing is tolerated, the dress code is conveniently invoked to get at lesbians who refuse to toe the line. Another insidious form of discrimination is when the employer, knowing that the lesbian employee is subjected to negative treatment and harassment by her co-workers, fails or refuses to protect her, until she is forced to leave and look for other employment elsewhere.”¹⁴

Batay sa kasaysayan ng kilusang kababaihan sa bansa, waring sumapit na ang panahong lumalakas na ang tinig ng mga babae sa paggigiit at muling pagbawi ng inagaw na espasyo sa lipunan. Gayumpaman, mayroon pa ring hanay sa loob mismo nito ang nananatiling pinipipi—ang mga lesbiyana.

Samantala, sa aspektong pangkultura naman, nangunguna ang simbahan at eskuwelahan sa pagpapatupad ng mga mahigpit at di makatarungang kalakaran ng heteropatriyarka. Nariyan pa rin ang hindi natitinag na mapanghamak na pagmamarka ng simbahan sa homoseksuwalidad bilang immoral at makasalanan. Sinasabi ng simbahan na tanggap nito ang homoseksuwalidad basta’t huwag lang isasapraktika.¹⁵ Katumbas na rin iyon ng pahayag na kailangang lipulin ang mga bakla at lesbiyana. Sa kaso ng mga eskuwelahan, di na kataka-takang sinusunod din ng mga ito ang pananaw at turo ng simbahan hinggil sa homoseksuwalidad sapagkat karamihan ay pinatatakbo pa rin ng mga katolikong orden.

Ngunit mayroon nang mga paaralan, partikular sa antas ng kolehiyo, ang nagbukas ng pagkakataon sa pagtalakay ng kabaklaan at kalesbiyanahan at

pangkalahatang usaping pangkasarian sa loob ng mga silid-aralan (*Tingnan ang talaan sa ibaba*).

Pamantasang De La Salle-Maynila, Departamento ng Literatura	Gay and Lesbian Literature (GALELIT) ¹⁶
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (CSSP)	Sex and Culture – (Anthropology 187) undergradweyt Seminar in Sex and Culture – (Anthropology 287) gradwado Exploring Gender and Sexuality – (Social Science 3) Sociology of Deviant Behavior ¹⁷ – (Sociology 132) Women and Work – (Sociology 297)
UP-Diliman, Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan (CSWCD)	History and Perspective of Gender and Development – (Women and Development 201) gradwado
UP-Diliman, Kolehiyo ng Edukasyon	Sex Education – (EDH 173)
UP-Diliman, Kolehiyo ng Arte at Literatura	Gay Writing ¹⁸ – (Comparative Literature 184) Departamento ng Ingles at Komparatibong Panitikan Seksuwalidad, Kasarian, at Panitikan – (Panitikan ng Pilipinas 19) Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas ¹⁹

Batay sa mga nabanggit na kurso, kapansin-pansin ang patuloy na paglago ng usaping pangkasarian sa konteksto ng akademya subalit ito’y sa mga limitadong institusyon pa lamang. Kung ibalik muli sa konteksto nitong pag-aaral, mahalagang itanong kung “well-represented” ba ang pagtalakay ng mga teksto/usaping lesbiyana sa mga nabanggit na kurso. Sakali mang tumalakay at magpabasa ang mga guro ng mga materyal na isinulat mismo ng mga lesbiyana, ilan kaya roon ang patungkol sa mga Filipinang lesbiyana? Lumalabas na tila marhinado na naman ang mga lesbiyana sa konteksto ng edukasyon tulad din ng penomeno ng pagwawalang-bahala sa kanila sa panitikan at iba pang diskursong kababaihan.

Sa kabuuan, napakadalang pa ng mga mga akademikong institusyon na nagtatangkang ituro ang paksain ng seksuwalidad at kasarian. Una, dahil karamihan pa rin sa mga paaralan sa bansa ay pinatatakbo ng mga katolikong institusyon kaya di na kataka-takang pinamumugaran pa rin ito ng heteroseksismo. Ikalawa, malaking palaisipan kung sino ang magtuturo gayong laganap pa rin ang homophobia maski sa larangan ng akademya. Kailangan pa rin marahil dumaan sa “gender-sensitivity training” ang mga posibleng magtuturo ng seksuwalidad at kasarian sa mga eskuwelahan sapagkat posibleng hindi lahat ng nagkakaroon ng pagkakataong

magturo tungkol sa seksuwalidad at kasarian ay may mapagpalayang pagtalakay sa naturang kurso. Gayundin, kung mayroon mang mga may kakayahang magturo, hindi rin lahat ay maglalakas-loob sapagkat nandiyan pa rin ang takot na mapangalanang “bakla” o “lesbiyana” dahil sa nakasanayan nang mapanirang pag-eestereotipo.

Batay sa mga inihapag na kalagayan, malinaw ang pangangailangang patuloy na igiit ang pagkilala at pantay na pagtingin sa hanay ng mga babaeng nagpapahalaga at umiibig sa kapuwa babae.

MGA PRELIMINARYONG PAGBAKAS SA PANITIKANG LESBIYANA NG BANSA

Novel is a seat of the shortcomings of History.

—A .S. Byatt

Ang hindi mahagilap na lesbiyana sa kasaysayan ay baka sakaling nasa panitikan. Kaya’t sa halip na galugarin ng mananaliksik ang mga akdang nasa kahon, sinimulan niyang ilatag bilang paunang bahagi ng pagtalunton sa kasaysayan ng panitikang lesbiyana ng bansa ang “Pagsulat ng sarili bilang Progresibong Paglalantad: Isang Preliminaryong Pagsusuri sa Panitikang Lesbiyana ng Pilipinas.”²⁰ Bukod sa pagsipat sa estado ng aktibismong lesbiyana, higit na naging layunin ng pag-aaral ang pagtampok ng mga “bagong teksto.” Bunga ito ng nakitang pangangailangan na itanghal, patunayan, at kilalanin muna ang pag-iral ng mga akdang bumabaybay sa karanasan at pagkataong lesbiyana mula mismo sa mga hayag na lesbiyana.

Bilang pakikibunyi sa noo’y papausbong na panitikang lesbiyana ng Pilipinas, tinutukan ng saliksik ang halaga ng panulat bilang lunsaran ng pagdiriwang at pagkilala sa kasariang lesbiyana. Kasama rito ang pagbibigay-halaga sa makababaeng kahulugan ng erotikong pagnanasang nakatuon sa kapuwa babae sa konteksto ng *lecture feminine* at *jouissance* ng mga peministang Pranses. Sinuri rin kung paanong binabatikos at binubuwag ng panitikang lesbiyana sa iba’t ibang anyong pampanitikang gaya ng awit, tula at maikling kuwento, ang institusyon ng heteropatriyarka na patuloy na sumisiil sa pagnanasa, pagkamalikhain, at buhay ng kababaihan. Bukod sa pagtuon sa mga erotikong tema na karaniwang taglay ng mga akdang lesbiyana, hindi rin pinalampas ng pag-aaral ang pagsipat sa aktuwal na kalagayan ng mga Filipinang lesbiyana batay sa ginawang ulat ng mga organisasyong lesbiyana sa bansa.²¹ Panghuli, pinahapyawan ng saliksik ang relasyon ng aktibismo at panulat na lesbiyana.

Samantala, dinugtungan ni Minerva Lopez ang unang yugto pa lamang ng paghahanap sa nawawalang lesbiyana sa Panitikang Filipino sa kaniyang tesis na “Si Nena, Si Neneng, at Erlinda: Ang Seks Variant sa Panitikang Filipino” (1999). Binalikan ni Lopez ang mga klasikong nobelang *Erlinda ng Bataan* ni Nieves Baens del Rosario

at Ang Kasaysayan ng Magkaibigang Si Nena at si Neneng ni Valeriano Hernandez Peña.²² Matapang niyang hinalughog ang kanon upang sagipin ang mga nakakulong na imaheng protolesbiyana sa loob ng dalawang akda. Binigyan ng panibagong pagbasa at pag-asa sa pag-aaral na ito ni Lopez ang natatanging (romantikong) pagkakaibigan nina Nena at Neneng, Charing at Erlinda pati na ang patuksong pahayag ng homoerotikong paghanga ni Chayong kay Neneng.

ANG MARHINALISASYON NG MGA LESBIYANA SA LARANGAN NG PANITIKAN

Hindi lamang umiikot sa mga homoerotikong tensiyon at pisikal na pagniniig sa pagitan ng dalawang babae ang pakahulugan ng panitikang lesbiyana. Ayon sa kritiko at mananaliksik na si Lillian Faderman, “Ang panitikang lesbiyana ay binubuo ng mga akdang may kinalaman sa mga suliranin at salimuot ng paglalantad (coming out) at ang pagharap sa isang lipunang kinaiiralan ng homophobia. Nakapaloob din dito ang paksain ng seksuwalidad sa pagitan ng dalawang babae.” Ngunit binigyang-diin niya na hindi mababalikan ng gayong kalimitadong pakahulugan ang maaaring mas matagal pang kasaysayan ng panitikang lesbiyana, sabihin nang nitong nakalipas na isandaang taon, sapagkat bihira ang kumikilala sa pag-iral ng mga lesbiyana sa mga panahong iyon. Idinagdag pa ni Faderman na magiging mas maikli umano ang kasaysayan ng panitikang lesbiyana kung ito’y kinatha dapat ng mga babae sapagkat hindi pa komportable ang mga babae sa pagtalakay sa paksaing seksuwalidad.²³

Sa konteksto ng heteropatriyarkal na lipunang Filipino, tila imposibleng makabuo ng kasaysayan ng panitikang lesbiyana. Patong-patong ang mga balakid dito. Una, walang maaaninag na alusyon man lamang hinggil sa pag-iral ng mga akdang lesbiyana sa mga nakatalang kasaysayang pampanitikan. Maging ang mga antolohiyang lumabas, gaya ng *Philippine Literature: A History and Anthology*²⁴ nina Bienvenido at Cynthia Lumbea ay hindi rin nagpaloob ng tekstong lesbiyana sa kabila ng paglangkap nito (sa pinakahuling edisyon noong 2004) ng isang maikling kuwentong bakla ni Honorio Bartolome de Dios. Hindi rin nasilip ang posibilidad na isa sa akda ng mga manunulat ay maaaring may pahiwatig na ng lesbiyanismo (gaya halimbawa ng “Nalpay A Namnama” ni Leona Florentino). Sadya bang hindi pangkanon ang panitikang lesbiyana o hindi pa lang talaga visible sa mga kumakatha ng kasaysayang pampanitikan ang panulat na lesbiyana?

Ang mismong panitikang kababaihan kung saan dapat kabahagi ang panulat na lesbiyana ay isa rin sa mga nagkakaila at nagkakait ng puwang sa pag-iral nito. Katibayan dito ang ilan sa mga naglabasang kalipunan ng panulat ng kababaihan noong dekada ’90 hanggang pagsapit ng bagong siglo na hindi isinali ang panulat na lesbiyana. Halimbawa na ang *Women Reading: Feminist Perspectives on Philippine Literary Texts* (1992)²⁵ na pinamatnugutan ni Thelma B. Kintanar at Ang *Silidra*

Mahiwaga: Kalipunan ng Kuwento't Tula ng mga Babaeng Manunulat (1994)²⁶ na pinamatnugutan ni Soledad Reyes. Bagaman madalas na ipinahahayag sa mga introduksiyon ng antolohiya na kinikilala ang mga pagkakapareho at pagkakaiba sa pagitan ng mga babae, ang mga pagkakaiba-ibang ito'y tumutukoy lamang sa uri, lahi, at etnisidad—hindi kinikilala o maaaring nakaligtaang silipin ang pagkakaiba-iba sa oryentasyong pangkasarian.

Sa isang banda, mayroon mang mga nakapasok na lesbiyanang manunulat sa antolohiyang panitikang kababaihan, walang ginawang pagbanggit sa kanilang oryentasyong pangkasarian. Hindi na marahil mahalaga sa karaniwang babaeng patnugot ng antolohiya ang kasarian ng manunulat. Halimbawa na ang aklat na *Sa Ngalan ng Ina: 100 Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas* (1997)²⁷ ni Lilia Quindoza Santiago. Bagaman masusi nitong binakas ang kasaysayan ng panulaang kababaihan ng Pilipinas, ni hindi napahapyawan ang pag-iral ng mga bersong lesbiyana. Kapansin-pansin din ang paglalahok nito ng mga makatang hayag na lesbiyana gaya nina Aida Santos at Anna Leah Sarabia ngunit hindi ang kanilang mga akdang naglalaman ng tema o paksaing lesbiyana. Mas may kaugnayan marahil sa buong aklat ang iba pang tula ng dalawang manunulat pero hindi man lamang nausad na sila'y kasama sa mga masigasig na tagakatha at tagapagtaguyod ng panitikang lesbiyana ng bansa gayong itinatampok pa naman sa aklat ang panunuring malay sa kasarian.

Sa kabila ng umuusbong nang panitikang kababaihan, kilusang peminista, at pagbasang malay sa kasarian sa panahong papasigla na rin ang usapin at aktibismong lesbiyana (pansinin na sa pagbungad ng 1990 ipinanganak ang aktibismong lesbiyana at kalagitnaan naman hanggang huling bahagi ng naturang dekada naglabasan ang mga antolohiya ng panitikang Filipino/panitikang kababaihan), walang pang nagawang komprehensibong pagtatala ng lesbiyanang panulat sa kasaysayang pampanitikang Pilipino/kasaysayan ng kababaihang panulat. Sa dakong ito'y maipagpapalagay na nananatiling makalalaki ang kanon at kontrolado pa rin ng kultura ng heteroseksismo ang kasaysayang pampanitikan ng bansa. Kamakailan lamang ay muling naglabas ng kanyang pag-aaral hinggil sa kasarian at seksuwalidad ng mga Filipina ang makata at gurong si Quindoza Santiago—ang *Sexuality and the Filipina* (2007). Sa librong ito'y malay nang inilahok ni Santiago ang tinig na napag-iwanan niya sa naunang aklat na *Sa Ngalan ng Ina* (1997). Bukod sa akdang “Tale of Two Witches” ni Mila Aguilar (na bagaman hindi tuwirang tinalakay bilang akdang lesbiyana), aniya'y dumako na sa pagbuo ng bagong anyo ng ugnayan at kaibang uri ng female bonding, pinahapyawan niya na rin ang pagtalakay sa paglabas ng antolohiya ng mga tekstong lesbiyana, ang *Tibok: Heartbeat of the Filipino Lesbian* (1994) at naglahok ng isang akdang lantarang bumabaybay sa karanasan ng isang lesbiyana—ang “Out With It: My Coming Out Story” ni Natty Manuat.²⁸ Ngunit ang lahat ng ito'y nabitin pa rin pagdating sa pagtalakay at pagpapaunawa hinggil sa usaping lesbiyanismo at lesbiyanang panulat. Kaya naman higit pang naging hamon

ang gayong kakulangan upang patuloy na halughugin at palitawin ang katauhang lesbiyana sa panitikang Filipino.

Ayon nga kay Lumbera sa kaniyang artikulong, “Towards a Revised History of Philippine Literature,” gaya rin ng muling pagsulat ng mga historyador na sina Teodoro Agoncillo at Renato Constantino ng kasaysayan ng ating bayan, nananawagan din ng pana-panahong rebisyon ang ating kasaysayang pampanitikan.²⁹ Napapanahon na ring mabigyang-tinig ang mga napipi, nalimutan, naisantabi, at nawawala bunga ng namamayaning kanon. Hindi na lamang panitikang rehiyonal ang tinutukoy dito kundi pati maging sa panitikang nagpapatampok ng mga usaping pangkasarian. Mahalaga ang pagbakas sa mga manunulat na lesbiyana bilang bahagi ng pagbuo ng kanilang lumalagong komunidad. Nangangailangan ng mahabang habang panahon, tiyaga at kamalayang makalesbiyana sa paghahanap na ito.

Bukod sa mga nabanggit nang mga batayan sa pagtukoy/pakahulugan ng panitikang lesbiyana, may kinalaman din ito sa mga suliranin at salimuot ng paglalantad (coming out) at ang pagharap sa isang lipunang kinaiiralan ng homophobia.³⁰ Gayundin, hindi na lamang dapat nalilimitahan sa mga hayag na lesbiyana ang paghuhugutan ng mga akdang ipapaloob sa kasaysayan. Mahalaga ring maglahok ng mga tekstong isinulat ng mga di hayag/hindi lesbiyana upang masiyasat ang pagkakaiba/pagkakapareho ng representasyon ng lesbiyana sa “sarili” at representasyon ng di lesbiyana sa lesbiyana. Sabi nga ni Hallett, “Mahalagang isama ang pakahulugan ng iba gaya rin ng pakahulugan ng sarili sa sarili upang masuri ang pinagtutunggaliang (contested) espasyo.”³¹

Ayon kay Quindoza Santiago, kasabay ng pagsapit sa rurok ng mga kilos-protesta laban sa diktaduryang Marcos noong dekada '80 ang pagluluwal sa mga pormasyong pangkababaihan.³² Ang pagkakabuo ng mga grupong pangkababaihan ay hindi na lang bilang reaksiyon sa noo'y masidhing mga usaping panlipunan kundi'y pumapartikular pa sa pagbubukas ng usapin ng kababaihan (woman's question).³³ Ang usapan ay “hindi na lamang simpleng relasyon ng babae sa produksiyong pang-ekonomiya sa lipunan, kundi, usapin ng babae (female, feminist question): ang relasyon ng lalaki at babae kaugnay ng estruktura ng kapangyarihan sa lipunan, at ang seksuwalidad kaugnay ng gawaing reproduktibo,” diin pa ni Santiago.³⁴ Sa puntong ito ng pagkuwestiyon ng mga peminista sa relasyon ng lalaki at babae at sa mapaniil na sistema ng patriyarka, sinimulan na ring hubugin ang mga usapin kaugnay ng seksuwalidad, kasarian, relasyon ng babae at babae, pati na ang pagtuligsa sa sistema ng heteropatriyarka—maituturing na panahon kung kailan ipinaglilahi na ang aktibismong lesbiyana sa bansa. At habang unti-unti itong nabubuo, paissa-isa na ring nagsulputan ang mga akdang lesbiyana.³⁵

Sa kasalukuyan, masasabing hindi na madalang ang paglabas ng mga akdang lesbiyana. Hindi na madalang ngunit sadyang napakakaunti pa rin kung ang pagbabatayan ay ang haba ng taon na saklaw ng talaan—isang taon lampas sa

dalawang dekada. Ilan sa maipagpapalagay na salik sa pagkamadalang ng mga lumalabas na akdang lesbiyana ay ang mga natalakay nang marhinalisasyon ng mga lesbiyana sa maraming larangan (politika, ekonomiya, kultura, at iba pa), partikular na sa kanon ng panitikang Filipino at maging sa tinatanaw na pinagmulang tradisyon nito, ang panitikan ng kababaihan. Dagdag pa, malaking sanhi rin ang kasalatan ng mga kritiko/mananaliksik na bumabaybay sa kasaysayan ng panitikang lesbiyana ng bansa. Kaya't mangyari mang marami nang naglalabasang akda, hindi naipapasok sa diskursong pampanitikan ang mga ito.

Tiyak na mayroon pang mga di sinasadyang napag-iwanan o di pa natutuklasang akdang lesbiyana na hindi naisama sa listahan, iyong mga mula sa iba't ibang lupalop ng bansa, pati na ang mga mula sa ibang bayan ngunit tinatalakay pa rin ang karanasan ng isang Filipinang lesbiyana. Inisyal na sarbey pa lamang ito. Gayundin, kalakhan sa mga manunulat na aktibo sa pagkatha ng panitikang lesbiyana ay pawang kasapi ng mga organisasyong pangkababaihan, partikular na ng mga organisasyong lesbiyana. Idagdag pa na halos magkasabayan ang pag-usbong ng panitikan at aktibismong lesbiyana. Posibleng tingnan ang anggulong ito bilang bahagi ng tunguhin ng mga manunulat na lesbiyana na gawing daluyan ng kanilang karanasan at pag-iral ang panitikan tulad ng layunin ng pag-aaral na ito na manghimok sa pagpapayaman pa ng kalipunan at patunayan ang mabungang pag-iral ng ganitong panitikan sa kabila ng lagi't laging idinadaing na marhinalisasyon.

Panghuli, hindi lahat ng mga akdang lesbiyana ay awtomatikong nagtataguyod ng interes at hangarin ng mga lesbiyana kaya't nariyan pa rin ang pangangailangang siyasatin ang naging pamamaraan ng representasyon sa mga naglabasang akda.

MGTA TALA

1. Lorna Q. Israel. "The Lesbians as One of the Guys: Media Coverage of Gay Pride Marches," nasa *Women in Action* 1:1999 at nasa website ng ISIS: http://www.isiswomen.org/index.php?option=com_content&task=view&id=266&Itemid=135 (nakuha sa internet noong Hunyo 8, 2008).

2. Ibid. Sinipi ni Israel ang pahayag mula sa artikulo ni E. J. Graff, ang "Not a ladies auxiliary: Media coverage of gays neglects lesbian." *The Progressive*. www.findarticles.com/p/articles/mi_m1295/is_n10_v57/ai_13290559. (nakuha sa internet noong Hunyo 8, 2008)

3. Ibid.

4. Oscar Atadero, "Philippine gays go mainstream," nasa *Mr. & Ms.* (19 July 1994): 16-17.

5. Kasama na rin sa mga naisantabi ang mga bisexual, transgender, at intersex.

6. Lorna Q. Israel, "The Lesbians as One of the Guys: Media Coverage of Gay Pride Marches," nasa *Women in Action* 1:1999 at nasa website ng ISIS: http://www.isiswomen.org/index.php?option=com_content&task=view&id=266&Itemid=135. Sipi ni Israel mula kay

Y. Cheratra, mula sa artikulo nitong Gays in the news. www.peak.sfu.ca/gopher/94-2/issue1/gaynews.ans, 1994. (nakuha sa internet noong Hunyo 8, 2008)

7. Isinapelikula noong 1988 ang buhay ng lesbiyanang si Celestina Sanchez A.K.A. Bubbles na taglay din ang naturang pangalan sa pamagat. Idinerehe ito ni Carlo J. Caparas sa panulat ni Toni Mortel, nasa <http://www.imdb.com/title/tt0408618/> (nakuha sa internet noong Hunyo 8, 2008)

8. International Gay & Lesbian Ass'n Secretary General at Risk. Itinala ng *GayToday*. International Gay & Lesbian Association, matatagpuan sa <http://gaytoday.badpuppy.com/garchive/world/121801wo.htm> (nakuha sa internet noong Hunyo 8, 2008)

9. Lorna Q. Israel, "The Lesbians as One of the Guys: Media Coverage of Gay Pride Marches," nasa *Women in Action* 1:1999 at nasa website ng ISIS: http://www.isiswomen.org/index.php?option=com_content&task=view&id=266&Itemid=135. (nakuha sa internet noong Hunyo 8, 2008)

10. Ayon sa website ng Lesbian and Gay Legislative Advocacy Network (LAGABLAB): "The Anti-Discrimination Bill is a proposed legislation crafted and endorsed by LGBT activists in the Philippines. It criminalizes discriminatory policies and practices on the basis of sexual orientation and gender identity to protect and promote the equal human rights and fundamental freedoms of Filipino LGBTs. Mula sa: <http://lagablab.wordpress.com/campaigns/> (nakuha sa internet noong Setyembre 25, 2008). Tingnan rin ang website ng Rainbow Rights: <http://rainbowrightsproject.multiply.com/journal>

11. "Philippine Lesbian Situation: An Overview." Inihanda ni Julie Palaganas ng Lesbians for National Democracy noong Setyembre 1, 2007.

12. Ibid.

13. Dulce Arguelles at DarwinAmojelar, "Religious, economic biases haunt Pinoy gay community," *Manila Times* (June 30, 2002) nasa: <http://www.manilatimes.net/others/special/2002/jun/30/20020630spe1.html> (nakuha sa internet noong Setyembre 25, 2008); <http://www.globalgayz.com/philippines-news01-02.html> (nakuha sa internet noong Setyembre 25, 2008).

14. Angie S. Umbac, "Putting You in Your Place: Culture and the Filipino Lesbian," matatagpuan sa http://www.isiswomen.org/index.php?option=com_content&task=view&id=278&Itemid=135 (nakuha sa internet noong Agosto 27, 2008)

15. Ibid.

16. Mula sa website ng De La Salle University-Manila, College of Liberal Arts: <http://www.dlsu.edu.ph/academics/programs/undergraduate/cla/ab-lim.asp> (nakuha sa internet noong Setyembre 23, 2008)

17. Kung sakali mang tinatalakay ang usaping pangkasarian, partikular ang homoseksuwalidad, sa subjek na Sociology 132 o "Sociology of Deviant Behavior," nararapat pansinin at kuwestiyunin ang pagkakategorya rito bilang "deviant" o naiiba, gayundin kung ano ang lapit ng guro sa naturang paksain.

18. Para sa mas detalyadong kasaysayang tinahak ng kursong "GayWriting" ng Departamento ng Ingles at Komparatibong Panitikan, basahin ang artikulo ni Neil Garcia, ang "On TV appearances and the whole sorry mess (postscript to a nightmare)" at "Philippine

Gay Studies: Theoretical Notes” na nasa kanyang librong *Slip/pages: Essays in Philippine Gay Criticism (1991-1996)*, Manila: DLSU Press, 1998, 65-69; 86-108.

19. Sinangguni ang artikulong “Reflections on LGBT/Sexuality Studies and Advocacies in the University of the Philippines” nina Eufrazio C. Abaya at Nikos Lexis Dacanay (2007), matatagpuan sa internet link na: http://209.85.175.104/search?q=cache:ai6l9jZA3PgJ:www.irnweb.org/siteFiles/Publications/29A53712E8D21597AC7B55_E035FA799D.pdf+Gay+Literature+UP+diliman+Department+of+English&hl=tl&ct=clnk&cd=7&gl=ph&client=firefox-a (nakuha sa internet noong Setyembre 23, 2008)

20. Undergrad Tesis na isinulat noong 1998 at inilathala sa *Tabi-Tabi sa Pagsasantabi: Mga Kritikal na Tala ng mga Lesbiyana at Bakla sa Sining, Kultura at Wika* (Q.C.: UP Press, 2003).

21. Gumawa si Malu S. Marin ng preliminaryong pagmamapa sa kasaysayan ng aktibismong lesbiyana sa bansa sa kanyang artikulong, “Going Beyond the Personal,” *Women in Action* 1, 1996.

22. Undergrad Tesis na isinulat noong 1998 at inilathala sa *Tabi-Tabi sa Pagsasantabi: Mga Kritikal na Tala ng mga Lesbiyana at Bakla sa Sining, Kultura at Wika* na inedit nina Eugene Evasco, Roselle Pineda, at Rommel Rodriguez (Q.C.: UP Press, 2003).

23. Lilian Faderman, “What is Lesbian Literature?” nasa *The New Lesbian Studies: Into the 21st Century*, na inedit nina Bonnie Zimmerman at Toni A.H. McNaron (N.Y.: The Feminist Press, 1996).

24. Bienvenido Lumbera at Cynthia Nograles Lumbera, eds. *Philippine Literature: A History and Anthology* (Revised Edition) (Pasig: Anvil Publishing Inc., 2004).

25. Thelma B. Kintanar, ed. *Women Reading: Feminist Perspectives on Philippine Literary Texts* (Q.C.: UP Press at UP Center for Women’s Studies, 1992).

26. Soledad S. Reyes, ed. *Ang Silid na Mahiwaga: Kalipunan ng Kuwento’t Tula ng mga Babaeng Manunulat* (Pasig: Anvil Publishing Inc., 1994).

27. Lilia Quindoza Santiago. *Sa Ngalan ng Ina: 100 Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas* (Q.C.: UP Press, 1997).

28. Lilia Quindoza Santiago. *Sexuality and the Filipina* (Q.C.: UP Press, 2007). May bahagi sa aklat ni Quindoza Santiago kung saan nabanggit niya ang pahayag patungkol sa unti-unting paglikha ng espasyo ng mga bakla at lesbiyana sa lipunan, partikular sa larangan ng panitikan. Aniya, “The gay and lesbian movements have come out in the open to stake their claim in the discursive space.” (aking diin)—sa kasalukuyan ay wala pang matatawag na “lesbian movement” o kilusang lesbiyana sapagkat nasa antas pa lamang ito ng aktibismo at di pa umaabot ang pag-oorganisa sa hanay ng mga lesbiyanang mula sa masa o sa “grassroots.”

29. Bienvenido Lumbera, “Towards a Revised History of Philippine Literature,” nasa librong *Revaluation 1997: Essays on Philippine Literature, Cinema and Popular Culture* (Manila: UST Publishing House, 1997).

30. Hinango ang konsepto ng romantikong pagkakaibigan mula sa pag-aaral ni Lillian Faderman, ang *Chloe Plus Olivia. An Anthology of Lesbian Literature from the Seventeenth Century to the Present* (N.Y.: Penguin Books, Ltd. 1994).

31. Nicky Hallett. *Lesbian Lives: Identity and Autobiography in the Twentieth Century* (London: Pluto Press, 1999), 4.

32. Lilia Quindoza Santiago, *Sa Ngalan ng Ina: 100 Taon ng Tulang Feminista sa Pilipinas* (Q.C.: UP Press, 1997), 183.

33. Ibid.

34. Ibid, 182-83.

35. Para sa talakay ng kasaysayan ng aktibismong lesbiyana, sangguniin ang artikulo ni Malu S. Marin na "Going Beyond the Personal," *Women in Action* 1, 1996 at Julie Palaganas, "The Philippine Experience: Lesbian Activism Finds its Voice." *Change: A Biannual Publication of the Cordillera Women's Education and Resource Center* 12, no. 2 (December 2003): 5-7; 26.